## Gabay sa Pangkalahatang mga Self-Directed Support sa Pamamagitan ng Participant-Directed Services

Ang isang paraan para makakuha ng tulong ang mga indibidwal at pamilya sa pag-enroll sa Self-Determination Program (SDP) ay sa pamamagitan ng paggamit ng Pangkalahatang Self-Directed na mga Suporta (General SD Supoorts) sa pamamagitan ng Participant-Directed Services. Ang regional center ay ang magbabayad para sa halaga ng mga serbisyong ito. Ito ay hindi isang serbisyo na bini-vendor ng regional center. Dapat gumamit ang indibidwal at pamilya ng ahensya para sa Financial Management Services (FMS) para ma-access ang serbisyong ito. Ang mga serbisyo na maipagkakaloob sa ilalim ng General SD Supports ay nakabalangkas sa paglalarawan ng service code na nakasaad sa Kalakip A.

Dapat sundin ng mga indibidwal na nais ng tulong sa pag-enroll sa SDP mula sa isang General SD Supports provider sa pamamagitan ng Participant-Directed Services, ang mga hakbang na ito:

1. Tutukuyin ng indibidwal ang mga uri ng suporta na nais niya. Sila rin ang pipili kung sino ang nais nilang magkaloob ng (mga) serbisyo. Maaari nilang piliin ang sinuman na kwalipikado. Ang mga kwalipikasyon ay:
   - Kaalaman tungkol sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, sa pamamagitan ng napagdaanang karanasan, at/o isang taon ng pormal at bayad na karanasan;
   - Pagkumpleto ng kurso sa pagsasanay tungkol sa Self-Determination Program; at
   - Kaalaman tungkol sa Lanterman Developmental Disabilities Services Act, kabilang ang mga rekisito ng SDP.

2. Ang indibidwal o pamilya ay dapat gumamit ng Financial Management Service (FMS) provider. Ang FMS ay ang magbabayad sa provider. Maaari nilang piliin ang FMS provider na nais nilang gamitin. Ang regional center ay ang tutulong sa pagtukoy ng mga FMS provider na nag-aalok ng mga Participant-Directed Service.

3. Dapat magsumite ng nakasulat na impormasyon sa regional center tungkol sa mga uri ng transition service na nilalayon nilang ipagkaloob at ang tinatayang bilang ng mga oras. Dapat din silang magsumite sa FMS ng kinakailangang papeles ng provider.

4. Ang FMS ay:
   - Magkukumpirma kung kwalipikado ang provider.
   - Kukuhanin ang mga kinakailangang form mula sa provider;
   - Makikipagtulungan sa regional center para sa awtorisasyon sa bayad; at
   - Babayaran ang provider.

Maaaring ipagkaloob ng provider ang mga serbisyo sa sandaling maging available sa FMS ang awtorisasyon para sa pagbili ng serbisyo mula sa regional center.